SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HUNYO 07, 2021, LUNES, IKA-09:43 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: Date: JUN 2021 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 6/21/21 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 303-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET/ PAGLILIPAT BLG. 2 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG PAGSAWITAN, SANTA CRUZ, LAGUNA NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 053-T2021 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 050-T2021 NA MAY HALAGANG P150,000.00 NA MAGMUMULA SA EDUCATIONAL ASSISTANCE NG GENDER AND DEVELOPMENT UPANG ILAAN PARA SA OTHER MAINTENANCE AND OTHER OPERATING EXPENSES NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Pagsawitan para sa Karagdagang Badyet/ Paglilipat Blg. 2 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 053-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 050-T2021 na may halagang P150,000.00 mula sa Educational Assistance ng Gender and Development upang ilaan para sa Other Maintenance and Other Operating Expenses ng barangay;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahing pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Ramon D. Tan; Kgg. Efren L. Diaz , Kgg. Mark Anthony P. Joven, at Kgg. Patrocinia S. Kalaw at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Karagdagang Badyet / Paglilipat Blg. 2 ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan, Santa Cruz, Laguna na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 053-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 50-T2021 na may halagang P150,000.00 mula sa Educational Assistance ng Gender and Development upang ilaan para sa Other Maintenance and Other Operating Expenses ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Sangguniang Barangay ng Pagsawitan at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hunyo 07, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
06-17-21